

7. Ang Aking Mga Kapuso ay Hindi Tumutugon...

Ika-28 ng Setyembre 2014...Mensahe Mula Kay Hesus sa Pamamagitan Ni Sister Clare

“ Napakasaya ang makapiling kayo. O gaano Ko pinangarap na ang Aking mga tupa ay maunawaan kung gaano Ko kasaya sa kanila, na pakinggan nila ang panawagan Kong maglaan ng panahon para sa Akin, na patuloy nilang subukan at patuloy silang magsisi at magtika.”

Mas lalo ko pang nakita ang aking sarili, mas lalo akong nagtaka kung bakit gusto Mong gumugol ng panahon sa akin, kung bakit Mo ako tinawagan maging malapit sa Iyong puso. (Gumugol ako ng ilang araw para pagsisihan ang aking pagiging mapagmataas at mapag akala, at sa tingin ko ay hindi ko pa din naaarok ang lahat. Hesus, ang iyong awa lamang ang aking pagasa).

“ Hindi iyan ang punto, pwede Kong gawin ang kahit na ano sa isa, kahit isa lang basta magpapasakop. At dito mayroon Akong dalawa na gustong magpasakop. Gaano na Ako kasaya doon. Hindi mo lang nakikita o nauunawaan, at mayroon lamang na kailangan ilihim mula sa Aking mga Kapuso kung hindi sila mismo ay mapapariwara. Sapat ng sabihin, na nagagalak Ako dahil ibinibigay nila ang makakaya nila, na ang kalooban nila ay mapasaya Ako at gawin ang utos Ko na hindi inaalintana kung anuman ang isukli ng mundo. Ito ay pambihirang katangian, nagbibigay lamang ng walang hinihintay na kapalit, kahit wala pang kinakahinatnan, bigay, bigay lang ng bigay.” Panginoon, Ikaw ang aking gantimpala.

“At iyon naman ang nararapat. Lagi ka lamang maging masunuring taga araro, araro, araro, araro, kahit pagod ka na at nasasaktan, ganunpaman, nagpapatuloy ka pa din. Lahat ng tagasunod Ko ay nagbibigay sa Akin ng pagpupuri sa kanilang pagsunod sa mga bagay na tulad nito.”

“ Ngunit sinasabi ko sa inyo ang katotohanan, marami silang nadadala para sa Aking Kaharian, mula sa kanilang walang sawang pagsunod. Maraming maraming bunga. Kaya huwag kayong mag alala kung sinasabi ng iba na hindi kayo namumunga. Huwag itong makaabala sa pag-iisip ninyo. Lahat ng sumusunod ay namumunga, maaaring hindi pa lamang ito nakikita.”

Para Sa Mga Kabiyak ng Puso/Kapuso (Bride)...

“ Nagagalak Ako sa inyo, yun ang pinaka mahalaga, kahit kayo ay sinisiraan ng malalapit sa inyo, pero ang iba ay nakikita ang pagkilos Ko sa buhay ninyo. Kahit na mapalad kayo na walang nakakakita, ganunpaman, namumunga pa din kayo sa simpleng pagsunod lamang, kalimutan ninyo ang mga gantimpala ng mundo. At walang pansariling intensyon, kadalasan, ang kalooban Ko lamang ang mahalaga. Ito ang sinasabi Ko, ito ang gagatimpalaan Ko at sila ay mananatiling maliit at ligtas. Nakatago sa Aking puso, puno ng pag-ibig at awa, sa Aking kagalakan. Marami pa Akong sorpresa sa Aking mga Kabiyak ng Puso, habang sya ay lumalago sa pagpapakumbaba, pagkakatiwalaan Ko pa sya ng maraming bagay at magtatagumpay sya sa kanyang mga gawain.”

O Panginoon magtatagal ka pa ba sa Iyong pagbabalik?

“ Tunay kang matalino, hinuhuli mo Ako, ha? Sasabihin Ko sa iyo ay isang sikreto, hindi Ko din alam tulad mo.” (hindi ba nasusulat sa Bibliya hindi din alam ni Hesus ang eksaktong oras at araw, tanging Ama lamang ang nakakaalam)...

Imposible iyan!

“Lolokohin ba Kita?”

Syempre hindi po Panginoon.

“Kung ganun mabuti, kaya paniwalaan mo ito, naghihintay din Ako. Naghihintay din Ako samantalang nakikita Ko ang pangkalahatang lagay ng Aking Samabahayan, hindi Ko alam kung kailan sasabihin ng Ama “Tama Na !” Ang tanging alam Ko ay nasa bingit na tayo at naghihintay sa salita Niya. Ganoon talaga ang lagay ngayon.”

“Sinabi Ko na sa iyo hindi pa handa ang Aking mga Kapuso. Pero hindi ibig sabihin noon ay magpapatuloy ang awa ng Ama sa mga walang pakialam at walang pagsisisi. Kung ang kawalan ng pag-ibig sa kapwa ay magpapatuloy pa sinasabi ko sa inyo, alam na ninyo ang pwedeng mangyari.”

Panginoon, hindi ko po maintindihan, patawarin Mo ako, ngunit bakit na Ikaw ay Diyos ngunit hindi Mo alam kung kailan ito (rapture). Totoong ito ay palaisipan sa akin kung kaya nahihirapan akong tanggapin na lamang ang tinuran Mong ito.

“Alam Ko, naiintindihan Ko. Pwede Ko bang sabihin na pinili Ko na lamang huwag itong alamin? Alam mo ba kung gaano ito kasakit sa Akin. Napakalapit na sa Akin ng Aking mga Kapuso at marami Akong inaasahan sa kanila. Ngunit hindi nya ito siniseryoso at hindi sya namumuhay ayon sa panawagan Ko para sa kanya. Makikita mo ito sa mga komento sa Youtubes. Kung ano ang ginagawa mo at ng iba Ko pang mga sugo para manawagan sa kanya ay hindi biro at hindi madali sa panahong ito ng kadiliman. Ngunit hindi niya ito alintana at hindi sya nakikinig. Kaya nga ba may suspetsa Ako na ang mga senyales patungo sa masidhing kagalakan (rapture) ay biglaan ng dumating sa kabila ng kanyang hindi pagkahanda.”

“Naiintindihan mo ba kung gaano Ko sya kamahal? Gaano Ko sya gustong makita na kumpleto na sa Akin? O kung alam nyo lamang gaano ang Aking pananabik sa inyo Aking minamahal. Marami Akong gustong ibigay sa kanya ngunit hindi sya tumutugon. Ipanalangin mo na tumugon sila.”

Panginoon, alam Mo kung paano sila mapapatugon, nakita kong lagi Mong ginagawa iyan sa aking buhay, madalas, Ikaw ay totoong kamangha mangha.

“Totoo yan ngunit ang kanilang kusang loob ay pumipigil sa Aking mga kamay, at kung sasabihin Ko sa iyo ang lahat, pagod na Akong makita ang paghihirap ng mga sumusunod at inihahanda lamang ang kanilang mga sarili at naghihintay lamang sa Akin. Ibig sabihin maraming paghihirap para sa kanila at pagod na din Akong makita ang mga biyaya Kong binabalewala lamang at pati ang pagbabalik Ko ay hindi isinasaalang alang. Ang magandang buhay na bigay Ko sa kanya ay nasasayang dahil sa pagiging abala nya sa mundo.”

Ngunit Panginoon, may paraan Ka para diyan.

“ Oo at ang kaakibat nito ay mga paghihirap pa sa mga taos pusong naghihintay sa Akin.”

Katulad ng lyong pagbabata sa paghihirap para sa amin, hindi ba kami makakapagbata din ng paghihintay para sa isang kaluluwa?

“May pag-asa pa naman, ngunit malapit na talaga tayo doon. Ang masasabi Ko lamang ay maging laging handa. Anumang oras ang Aking Ama ay pwede ng tapusin ang lahat ng ito, anumang oras Clare.”

Totoo?

“Totoo ngayon ipinaliwanag Ko na sa iyo kung bakit pinili Kong hindi ito alamin, huwag mo naman Akong saktan sa iyong hindi paniniwala.”